

Colposcopy

Sinasagot ang iyong mga tanong tungkol sa colposcopy

Kung kamakailan lamang ay nagkaroon ka ng abnormal Pap test result, maaaring irekomenda ng iyong health care provider ang isang follow-up colposcopy procedure.

Ano ba ang colposcopy?

Ang colposcopy ay isang procedure na ginagamit upang iksaminin ang iyong cervix at ari-arian. Ang isang espesyalista ay gagamit ng isang special microscope na tinatawag na colposcope upang humanap ng abnormalities. Habang isinasagawa ng espesyalista ang colposcopy, maaari siyang kumuha ng tissue (biopsy) mula sa anumang lugar na mukhang abnormal.

Ano ba ang mangyayari pagkatapos ng colposcopy?

Maaaring may kaunting spotting (kaunting dugo) kung kinunan ka ng biopsy; ito'y hihinto sa loob ng 24-48 oras. Kung gumamit ng isang tampon upang maiwasan ang spotting, siguraduhing tanggalin ito tatlong oras pagkatapos ito ipinasok. Kung patuloy pa rin ang iyong spotting, maaaring magpasok ng panibagong tampon o kaya'y maaaring gumamit ng isang pad.

Kailan ko ba makukuha ang aking mga resulta?

Ang iyong colposcopy results ay makukuha sa loob ng 2-4 linggo at kakausapin ka ng iyong health care provider tungkol dito at pag-uusapan ninyo ang anumang mga susunod na gagawin. Mangyaring tawagan ang iyong health care provider kung hindi ka pa niya kinokontakt sa loob ng apat na linggo.

Ano ba ang ginagawa sa colposcopy?

1. Ang exam ay nagsisimula tulad ng isang Pap test; gagamit ang isang espesyalista ng isang instrumentong tinatawag na speculum upang dahan-dahang i-spread ang iyong vaginal walls upang mas makita ang iyong cervix.
2. Maaaring mag-apply ng suka o iodine sa iyong cervix upang mas madaling makita ang anumang abnormalities.
3. Pagkatapos ay kukuha ang espesyalista ng tissue (biopsy) mula sa iyong cervix para sa karagdagang testing. Ang procedure ay nagtatagal nang 5-10 minuto.



Mas madaling makita ang abnormalities kapag gumamit ng suka/iodine.



Nakakatulong ang speculum na mas makita ang cervix.



Gumagamit ng cervical biopsy forceps upang kumuha ng tissue mula sa cervix.



Manood ng video ng colposcopy procedure: www.screeningbc.ca/cervix

Unawain ang mga resulta ng iyong colposcopy

Ang follow-up at mga susunod na hakbang ay depende sa mga uri ng cell changes na makikita sa colposcopy:

<p>LOW-GRADE Maliliit na cell changes na karaniwang nawawala nang mag-isa.</p>	<p>Ang aking colposcopy results ay may ipinakitang low-grade cell changes (cervical intraepithelial neoplasia grade 1, o CIN 1). Ano ang dapat ko ngayon gawin?</p> <p>Ang maliliit na cell changes ay karaniwang nawawala nang mag-isa. Karaniwang hindi kailangan ng treatment para sa CIN 1. Ipapaliwanag sa iyo ng iyong health care provider ang iyong colposcopy results at sasabihin niya sa iyo ang anumang susunod na gagawin.</p>
---	--

<p>HIGH-GRADE Ang cell changes na pre-cancerous at kailangang gamutin.</p>	<p>Ang aking colposcopy results ay may ipinakitang high-grade cell changes (cervical intraepithelial neoplasia grade 2 o 3, o CIN 2, CIN 3). Ano ang susunod na dapat kong gawin?</p> <p>Tatalakayin ng iyong health care provider ang rekomendasyon para sa isang Loop Electrosurgical Excision Procedure (LEEP), na maaaring gawin sa colposcopy clinic. Kung hindi ito ginamot, maaaring maging cancerous ang CIN 2 at CIN 3 sa katagalan ng panahon.</p>
---	---

Ano ang ibig sabihin ng isang abnormal Pap test result?

Ang isang abnormal cervical cancer screening (Pap test) ay nangangahulugan na may nakitang cells sa iyong cervix na hindi mukhang normal. Ang abnormal results ay madalas makita at hindi nito ibig sabihin na mayroon kang cancer o precancerous cells. Inirerekomenda ang follow-up upang tiyakin ang uri ng cell changes, kung mayroon man.

Masakit ba ang colposcopy procedure?

Ang colposcopy mismo ay hindi dapat masakit, pero maaari itong ‘di komportable. Kung kumuha ng biopsy sa panahon ng procedure, maaari kang makaramdam ng parang kurot o cramps.

Ano ang mga panganib ng colposcopy?

Kaunti lamang ang panganib na magkaroon ng mga komplikasyon mula sa isang colposcopy, pero ang biopsy ay maaaring magdulot ng isang impeksyon o pagdurugo sa mga bihirang kaso.

Kontakin Kami

BC Cancer Cervix Screening
801-686 West Broadway Vancouver, BC V5Z 1G1

Telepono: 1-877-702-6566
Email: screening@bccancer.bc.ca
Web: www.screeningbc.ca/cervix

Ang iyong personal na impormasyon ay kinokolekta at protektado mula sa di-awtorisadong paggamit at disclosure (pagsisiwalat sa iba), alinsunod sa Personal Information Protection Act (Batas Ukol sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon) at kapag naaangkop, sa Freedom of Information and Protection of Privacy Act (Batas Ukol sa Kalayaan ng Impormasyon at Proteksyon ng Pagka-pribado). Ang impormasyon na ito ay maaari lamang gamitin at ibunyag sa iba alinsunod sa nakalaan sa mga Batas na iyon, at ito'y gagamitin para mapamahalaan ang quality assurance; ito'y ibubunyag sa healthcare practitioners na nagbibigay ng pangangalaga, o kapag iniutos ito ng batas. Kung may anumang mga katanungan hinggil sa pangongolekta ng BC Cancer ng impormasyon, ipadala ito sa Operations Director, Cancer Screening (address: 801 – 686 West Broadway, Vancouver BC V5Z 1G1, web: www.screeningbc.ca or email: screening@bccancer.bc.ca).